

## **Geographical dimension: Lexical variation of Surigaonon-Dinagatnon, Cebuano, Binul-anon, and Waray languages in Dinagat Island**

**Caren G. Dalago**

Surigao Del Norte State University

Surigao City, Philippines

Email: caren.dalago@deped.gov.ph

**Denzel Mark A. Ciruela, MAED**

Surigao Del Norte State University

Surigao City, Philippines

Email: dciruela@ssct.edu.ph

**Abstract:** This study aims to document and examine the lexical variety of the Surigaonon-Dinagatnon, Bisaya (Cebuano), Binul-anon, and Waray languages in Dinagat Island. A qualitative-descriptive linguistic method was employed, utilizing purposive sampling to select informants from seven municipalities on the island. Informants were chosen based on their status as native speakers, age, and residency in their respective areas. The primary instrument used for data collection was an eliciting material consisting of 500 words from Morris Swadesh's Basic Core Vocabulary. The results revealed a very high lexical similarity between the municipalities of Libjo and Dinagat, and Basilisa and Cagdianao, with a cognate percentage of 98%. In contrast, a low similarity was observed between Tubajon and Loreto (40%). Although certain word forms differed from Filipino and other local languages, their meanings remained consistent. Cebuano emerged as the dominant language in areas such as San Jose, Dinagat, Libjo, and Tubajon, while Surigaonon was prevalent in Basilisa and Cagdianao. Loreto stood out as primarily Waray-speaking. The study highlights that geography, history, and social interaction are key factors influencing the dynamism and diversity of language on the island. Patterns of lexical change such as abbreviation, stress-shifting, and phonemic alteration were observed, reflecting the evolving and dynamic nature of the spoken languages. The study recommends further research on local languages to preserve the rich culture and identity of the communities in Dinagat.

**Keywords:** Lexical Variation, Surigaonon-Dinagatnon, Dinagat Island, Philippine languages, Linguistic diversity

Date Submitted: June 5, 2025

Date Accepted: June 15, 2025

Date Published: June 30, 2025

### **Dimensyong heyograpikal: Baryasyong leksikal ng wikang Surigaonon-Dinagatnon, Cebuano, Binul-anon, at Waray sa Isla ng Dinagat**

**Abstrak:** Layunin ng pananaliksik na ito na idokumento at siyasatin ang leksikal na varayti ng mga wikang Surigaonon-Dinagatnon, Bisaya (Cebuano), Binul-anon, at Waray sa Isla ng Dinagat. Ginamit ang kwalitatibong deskriptibong pamamaraan sa lingguwistika, kung saan purposive sampling ang ginamit sa pagkuha ng mga impormante mula sa pitong munisipalidad sa isla. Ang mga impormante ay pinili batay sa pagiging neytib na tagapagsalita, edad, at paninirahan sa kani-kanilang lugar. Pinangunahing instrumento sa pangongolekta ng datos ang eliciting materials na binubuo ng 500 salita mula sa Basic Core Vocabulary ni Morris Swadesh. Ipinakita ng resulta na may napakataas na leksikal na pagkakatulad ang mga munisipalidad ng Libjo at Dinagat, at Basilisa at Cagdianao na may cognate percentage na 98%, samantalang mababa naman ang pagkakatulad ng Tubajon at Loreto (40%). Bagamat may mga anyo ng salita na naiiba mula sa Filipino at iba pang lokal na wika, nananatili ang kahulugan ng mga ito. Nangibabaw ang wikang Cebuano sa ilang lugar gaya ng San Jose, Dinagat, Libjo, at Tubajon, samantalang ang Surigaonon naman ay sa Basilisa at Cagdianao. Natatangi naman ang Loreto dahil sa pangunahing wikang Waray. Ipinapakita ng pag-aaral na ang heograpiya, kasaysayan, at ugnayang panlipunan ang mga salik na nakakaapekto sa dinamismo at pagkakaiba-iba ng wika sa isla. May mga obserbasyon ng mga pattern sa pagbabago ng salita tulad ng pagpapaikli, paglilipat-diin, at pagbabago ng ponema na sumasalamin sa buhay na pag-unlad ng mga wikang sinasalita. Inirerekomenda ang pagpapalalim ng pag-aaral sa mga lokal na wika upang mapanatili ang mayamang kultura at pagkakakilanlan ng mga komunidad sa Dinagat.

#### PAUNANG SALITA

Ang bawat indibidwal ay gumagamit ng wika sa kanyang pakikipagtalastasan sa bawat isa. May iba't ibang lenggwahe ang ginagamit sa pakikipagtalastasan, at dahil dito malaki ang pagbabago ng mga unang wika na ginagamit sa paaralan at sa lipunang ginagalawan. Matatandaan natin, na ang wika ang siyang nag-uugnay sa mga tao na bumubuo sa isang lipunan, ito din ang nagiging batayan ng pagkakilanlan at ang simbolo ng pagkatao. Ang wika din ay isang likas na makataong pamamaraan upang ipaabot ang damdamin at kaisipan sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsusulat at pakikipakipag-usap.

Ayon kay Dr. Bonifacia P. Sibayan (2005) na malaki ang impluwensiya ang larangan ng lingguwistika sa ating bansa. Dahil dito ang mga pag-aaral niya ay nagbibigay-daan sa mas malalim pang pag-uunawa sa ibat ibang wika dito sa ating bansa.

Bilang isang sistema ng komunikasyon, iba't ibang wika din ang ginagamit ng mga tao na naninirahan sa ibat ibang lugar. Bunga nito ay nagkaroon ng ibat ibang barayting idyolek, sosyolek, dayalek, rejister at iba pang barayti ng wika na ginagamit. Tinalakay naman ni Peter Trudgill (1970-2015) ang ugnayan ng wika at lipunan, pati ang lenggwahing baryasyon sa konteksto ng sosyolohiya.

Ayon naman kay Nicholas Akwanya (2015) na ang wika ay may katangian ng isang panitikan. Dahil ito ay sistema ng komunikasyon na siyang ginagamit ng tao upang maihatid ng tama at sapat ang mga impormasyong naihayag, kanya ding sinabi na ang panitikan ay isang sining na may malaking ambag sa lipunang ginagalawan.

Marami ang umuusbong na wika sa Isla ng Dinagat dahil sa mga taong dumadating at naninirahan sapagkat maraming mga kumpanya ng mina ang pinapatakbo dito, maraming beach resort at mga paliguan na nakapaligid, mayroong mga resto at grill bar. Ang ibang tao na nagtatrabaho dito ay nanggagaling pa sa ibang lugar at dito na bumuo ng pamilya kaya't may ibat ibang wikang naririnig sa lalawigan na ito, kahit pa man ganito ka sigla ang mga wika dito dahil sa pag-usbong ng iba't ibang dayalekto sa lalawigan ng Dinagat ngunit nagbubunga pa rin minsan ng hindi pagkakaunawaan ng bawat isa dahil habang tumatagal naiimpluwensiyan at nadaragdan ito ng iba pang mga wika halimbawa ang isang guro na mula sa siyudad na nakapag-asawa ng Waray at sila ay naninirahan sa isang lugar kung saan ang katutubong wika ay Waray, mapipilitan ang guro na isasalin ang kanyang mga Bisayang lengguwahi sa Filipino at pag-aralan niya pakunkunti ang lengguwahing Waray.

Ayon sa pananaliksik nina Ciruela et.al (2024), Kapag ang dalawang tao ay nag-uusap at gumamit ng magkaibang speech variety at hindi sila nagkaintindihan, magkaibang wika ang kanilang ginamit. Samantala, kung ang dalawang nag-uusap ay gumamit ng magkaibang speech variety at nagkaroon ng kaunting disturbance sa pag-unawa (dahil magkaiba ang punto o pagbigkas ng mga salita o gumamit ng ibang salita para sa iisang kahulugan), nagsasalita lang sila ng magkaibang dayalekto ng iisang wika. Halimbawa, ang Tagalog na sinasalita sa Metro Manila ay may mga dayalekto na: Tagalog-Bulacan, Tagalog-Batangas, Tagalog-Cavite, Tagalog-Laguna at iba pa.

Dahil dito, minabuti ng mananaliksik na idokumento at siyasatin ang mga lugar na may leksikal varayti ng wikang Surigaonon-Dinagatnon, Bisaya, Binul-anon, at Waray sa Isla ng Dinagat upang maihambing ang bawat lengguwahi at makakagawa ng katalogo ng ibat ibang wika sa isla ng Dinagat.

### *Paglalahad ng suliranin*

Layunin ng pananaliksik na ito na masuri at matukoy ang baryasyong leksikal ng wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon at Waray sa Isla ng Dinagat. Sinisikap din ng pananaliksik na ito na sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang cognate percentage ng magkatulad at magkaibang cognates ng Wikang ginagamit sa Isla ng Dinagat?
2. Ano-ano ang mga baryasyong leksikal ang masusuri sa mga wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon, at Waray?
3. Ano-anong klasipikasyon ang maihahanay sa mga leksikal varayti ng wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon, at Waray?
4. Ano-anong linggwistikal na katangiang ang makikita sa mga wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon, at Waray batay sa mga nasuring leksikon? Ibigay ang heograpikal na aspeto bawat linggwahe.

### PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong uri ng pananaliksik na nilapatan ng deskriptibong pamamaraan sa linggwistika sa pagdodokumento ng wika batay sa mga nakolektang datos. Gagamit din ang mananaliksik ng community-based na pagdulog batay na rin sa epekto ng kultura at ang interaksyong wika ni Wardhaugh, R. (2006) sa kanyang paniniwala na ang wika ay impluwensiya ng lipunang kinabibilangan kaugnay sa pagsisiyasat ng mga relasyon sa pagitan ng wika at lipunan ni Labov, M. (1966), amerikanong lingwista kung paano

gumalaw ang wika sa bigkas ng isang komunidad. Ipinasalin ng mananaliksik ang 500-word list ni Morris Swadesh sa Tatlung (30) mga impormante na nagmula sa 7 munisipalidad na sakop sa isla ng Dinagat ayon sa kanilang wikang ginagamit.

Purposive sampling ang pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng mga impormante sa pag-aaral na ito. Sila ay nagmula sa 7 munisipalidad na sakop sa isla ng Dinagat. Pinili sila ayon sa sumusunod na krayterya; ang impormante ay dapat na neytib ispiker ng wikang pinag-aaralan, ang impormante ay dapat isinilang, lumaki at kasalukuyan pa ring naninirahan sa nasabing lugar, ang impormante ay 51 na taong gulang pataas, at isinaalang-alang na ang informant ay nakapag-aral. Pagkatapos ng 51 taong gulang pataas na mga impormante ay ang mga edad 10-20 taong gulang, 21-30 taong gulang, 31-40 taong gulang at 41-50 taong gulang ayon sa henerasyon. Hindi mahalaga kung anong edukasyong natamo basta't sila ay marunong bumasa at sumulat.

Ang instrumentong gagamitin sa pananaliksik na ito ay pakikipanayam na kung saan ang mga mananaliksik ay magtatanong sa mga impormante na siyang pagkukunan ng mga datos. Ang pagkuha ng impormasyon sa isang impormante ay may awtoridad o may personal na pagkaunawa sa paksa ng pananaliksik.

Basic Core Vocabulary ni Morris Swadesh na ginamit sa pag-aaral ni Zorc (1977) na Bisayan Dialects of the Philippines ang pangunahing instrumento na ginamit sa pangongolekta ng datos. Ang mga nakalap na datos ay pagsama-samahin at tutukuyin ang mga pangunahing opinyon ng mga respondente hinggil sa suliranin.

Isang buwan ang igugugol ng mananaliksik sa pangangalap ng datos. Magsasagawa rin ng sistematikong hakbang ang mga mananaliksik para maging maayos ang pangongolekta ng datos sa panahon ng fieldwork.

Pagpunta sa Opisina ng Municipal Planning & Development Office. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng MPDO (Municipal Planning and Development Office) para malaman ang kabuuang populasyon ng Surigaonong ispiker sa 7 Munisipalidad ng Isla ng Dinagat na sakop ng pag-aaral na ito.

Paghingi ng Pahintulot sa 7 Munisipalidad ng Dinagat. Sumulat ng liham ang mananaliksik sa Munisipal Mayor na sakop ng pag-aaral na ito upang humingi ng pahintulot para makakuha ng datos. Ipinaliwag din ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral maging ang krayterya sa pagpili ng dalawang impormante sa bawat munisipalidad.

Pagbisita sa bawat Munisipalidad. Pinuntahan ng mga mananaliksik ang lugar at ipinasalin ang (500) leksikal aytem sa mga piling impormante ayon sa kanila ng wikang sinasalita.

Ang nakalap na datos ay susuriin upang mas mapadali ang pagtataya rito sa pamamagitan ng pag-uuri at klasipikasyon upang mapadali ang pagtukoy sa varyasyon ayon sa bahagi ng pananalita na pang-uri, pandiwa, at pangngalan mula sa isinagawang pagtatranskrayb ng interbyu at pagpupuno sa ginawang listahan. Sa pag-analisa, tiningnan ang mga kategoryang leksikal ng mga nalikom na salita at inuri-uri ang mga ito. Mula sa wikang Filipino na tinumbasan ng mga terminong wikain ng pinag-aaralan ay ginawan ito ng pagsasalin sa wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon at Waray at matapos na maisalin ay tinipon ayon sa dapat na pagkakasunod-sunod at pinabalideyt ito sa mga balideytor. Nangalap din ng iba pang mapagkakatiwalaang mga sanggunian na tumatalakay ukol sa paksa ang mananaliksik upang patatagin ang pagtalakay sa kanilang bahagi ng pananalita.

Ang nakalap na datos ay susuriin upang mas mapadali ang pagtataya rito. Gagamit ng Lexicostatistics Analysis ang mga mananaliksik na nilapatan ng cognates percentage ng

dalawang representative languages upang ipresenta ang mga datos kung saan gagamit ng mga talaan upang suriin ang mga datos.

## PAGTALAKAY NG NATUKLASAN

### *Cognate percentage ng wikang ginagamit sa Isla ng Dinagat*

Mapapansin ang pinakamataas na cognate percentage na naitala sa pagitan ng munisipalidad ng Libjo ↔ Dinagat (98 %) at ng Basilisa ↔ Cagdianao (98 %), na nangangahulugang iisang wika o iisang diyalekto ang ginagamit sa dalawang magkatabing lugar (Hock & Joseph, 2009; Lobel, 2013). Ito ay nagsisilbing patunay na parehong tumutubo mula sa isang ancestral proto language ang mga leksikon at gramatika sa Libjo, Dinagat, Basilisa, at Cagdianao, alinsunod sa mga pamantayan ng historical comparative method (Campbell, 2013).

Sumunod rito, ang munisipalidad ng San Jose ↔ Libjo ay may cognate percentage na 78 %, samantalang ang San Jose ↔ Dinagat ay umabot sa 77 %. Bagama't hindi kasing taas ng 98 %, ang pagtalima sa porsyentong ito ay indikasyon pa rin ng malapit na kaugnayan—dalawang daughter languages (o malapit na magkapatid na dayalekto) lamang ang pinagkakaiba, subalit parehong kabilang sa iisang family language (Reid, 1971; Zorc, 1977). Ipinapakita nito na, kahit may bahagyang lexical na pagkakaiba, nananatili silang lohikal na nakapaloob sa iisang sanga ng Malayo-Polynesian (Lobel, 2013).

Sa kabilang dako naman, ang pinakamababang cognate percentage (40 %) ay naitala sa Tubajon ↔ Loreto. Kasunod naman ang San Jose ↔ Loreto, Libjo ↔ Loreto, at Dinagat ↔ Loreto—lahat ay may 41 % (Hock & Joseph, 2009). Ang mababang porsyentong ito ay nagpapahiwatig na bagaman may dalawang magkahiwalay na daughter languages (o dayalekto) sa mga nasabing munisipalidad, parehong napapaloob ang mga ito sa isang mas malaking linguistic family (Campbell, 2013). Sa madaling salita, malayo na ang naging paglihis ng mga leksikon ng Loreto sa mga karatig-munisipalidad nito, subalit patuloy silang kinikilala bilang magkakaugnay dahil sa pinanggalingang proto-language.

Gayunman, kapansin-pansin na, kahit may pagitan sa heograpikal na lokasyon, ang Tubajon ↔ Libjo (72 %), Tubajon ↔ Dinagat (71 %), at Dinagat ↔ Basilisa/Cagdianao (60 %) ay may mas mataas na cognate percentages kumpara sa Tubajon ↔ San Jose ↔ Cagdianao (47 %). Ipinapakita rito na ang simpleng distansya sa mapa ay hindi lang batayan sa porsyento ng pagkakatulad ng leksikon; maaaring may mga pang-heograpikal o historikal na ruta ng migrasyon at pakikipagpalitan (Lobel, 2013; Reid, 1974). Halimbawa, bagaman magkalapit sa pisikal na lokasyon ang San Jose at Cagdianao, maaaring kakaiba ang impluwensyang linggwistiko sa mga ito na bunga ng iba't ibang sentro ng interaksyon noong nakaraang siglo (Zorc, 1976).

Makikita rin sa talaan na magkapareho ang cognate percentage ng Libjo ↔ Basilisa (59 %) at Libjo ↔ Cagdianao (59 %), gayundin ng Tubajon ↔ Basilisa (50 %) at Tubajon ↔ Cagdianao (50 %). Kung ikukumpara ito sa Tubajon ↔ Loreto (40 %), malinaw na may tatak ng mas malapit na mother dialect o shared linguistic innovations sa mga unang apat na kaso (Hock & Joseph, 2009). Ipinapahiwatig nito na, sa kabila ng bahagyang pagkakalayo ng distansya, nakakabuo pa rin ang mga munisipalidad na ito ng magkakahalintulad na ponolohikal o morpoponemikong katangian (Campbell, 2013).

Kung susuriin ang kabuuang talahanayan, makikita na karamihan sa mga representative language batay sa kanilang leksikon ay mga dayalekto ng Surigaonon at Cebuano—dalawang

daughter languages na magkasama sa isang ancestral proto-language (Reid, 1971; Lobel, 2013). Sa kontekstong ito, ang Surigaonon ay itinuturing na isa sa mga pangunang wika sa hilagang Mindanao, habang ang Cebuano naman ay laganap sa hilagang-silangan at gitnang bahagi (Reid, 1971). Ang mataas at mababang porsyento ng cognate parallels ay direktang sumasalamin sa heograpikal at panlipunang dinamiko ng paglilipat-sakay at kalakalan sa Dinagat Archipelago (Zorc, 1977; Lobel, 2013).

Bukod sa interpretasyong ito, nasuri rin sa datos na lubhang mataas ang porsyento ng shared cognates ng Libjo ↔ Dinagat (98 %) sa kanilang heograpikal na lokasyon kahit magkabukod sa mapa—pinagagitnaan ng Basilisa. Ipinapahiwatig nito na iisang dayalekto lamang ang kanilang ginagamit, at maaaring nagsilbing linguistic corridor ang Basilisa na nagpanatili ng puro atin na dayalekto mula Libjo papuntang Dinagat (Hock & Joseph, 2009; Campbell, 2013).

Sa ganitong kalagayan, makikita ang pag-angkop sa ginawang pag-aaral ni Walrod hinggil sa “Three Criteria for Establishing Dialect Boundaries.” Ayon kay Walrod (1978), ang Caba, Hapid, Ayangan, at Mayoyao ay may mataas na cognate percentage sa kumpol ng Batad, na nagsasaad ng iisang dayalekto subalit hindi naman ganap na sentral ang Batad ayon sa heograpiya kung hindi ayon sa linggwistikong impluwensiya. Sa parehong pag-aakda, ipinapakita nito na hindi laging katapat ang pinakahubog na dialect center sa pisikal na sentro ng rehiyon, kundi sa sentro ng padron ng interaksyon at makasaysayang paggalaw ng mga ispiker (Walrod, 1978).

Kapansin-pansin din sa pagsusuri ng datos na habang lumalayo ang distansya ng mga lugar na pinaghahambing, bumababa ang porsyento ng pagkakatulad ng leksikon. Isang halimbawa rito ang Loreto, na may 40 % sa Tubajon at 41 % sa San Jose, Libjo, at Dinagat. Pinatutunayan nito ang prinsipyo ng dialect continuum kung saan ang lexical similarity ay naglalambad habang tumatasak ang distansya (Hock & Joseph, 2009; Campbell, 2013). Sa madaling salita, ang Loreto ay maaaring nasa gilid na ng rehiyonal na pagbabago, kaya’t kakaunti na lang ang pinagbabahaging leksikon nito sa mga karatig-munisipalidad.

### *Baryasyong leksikal ang masusuri sa mga wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon, at Waray*

Natuklasan ng mananaliksik ang mga salitang magkakaiba ang anyo ngunit may parehong kahulugan sa Wikang Filipino at sa apat na pangunahing wika sa rehiyon ng Mindanao at Visayas: Surigaonon, Cebuano, Binul-anon, at Waray.

Ang mga salitang ito ay nagpapakita ng pagkakaiba-iba sa ponolohiya, ispelang, at sa ilang pagkakataon sa morpolohiya, subalit nananatiling magkakapareho ang kanilang kahulugan. Ayon kay Rubino (2000), ang mga rehiyonal na wika sa Pilipinas ay nagkakaroon ng mga natatanging anyo na nagmumula sa iisang ugat ngunit may sariling lokal na pag-unlad. Halimbawa, ang salitang "Ahas" sa Filipino ay nagkakaroon ng iba’t ibang anyo gaya ng "Hayas" sa Surigaonon, "Bitin" sa Cebuano, "Has" sa Binul-anon, at "Halas" sa Waray (Llamzon, 1975; Rubino, 2005). Bagamat may bahagyang pagbabago sa tunog at baybay, ang kahulugan ng "ahas" bilang isang uri ng hayop ay nananatiling pareho sa lahat ng wika.

Ganito rin ang kalagayan sa iba pang mga salita tulad ng "Alam," na nagiging "Kahibayu" sa Surigaonon at "Kahibalo" sa Cebuano at Binul-anon, gayundin ang "Aso," na nagkakaibang anyo ngunit pareho ang tinutukoy na hayop. Makikita rito ang impluwensiya ng bawat wika sa kanilang sariling bokabularyo habang pinapanatili ang pangunahing kahulugan ng salita (Gonzalez, 1998; Lewis et al., 2016).

Makabuluhan rin ang obserbasyon sa mga pandiwa tulad ng "Nagsulat" na nagkakaiba-iba bilang "Nagsuyat," "Nagsuwat," at "Nagsurat," na nagpapahiwatig ng pagkakaiba sa pagkakabuo ng salita ngunit hindi nagbabago ang ibig sabihin (Rubino, 2000).

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan Blg. 3 ang likas na katangian ng mga wika sa Pilipinas na nagmumula sa iisang ugat subalit nagkaroon ng sariling pag-unlad batay sa rehiyonal na konteksto. Ang pagkakaibang ito ay nagpapayaman sa pambansang kultura at wika, at naglalandad ng kahalagahan ng pag-aaral at pagpapanatili ng mga wikang katutubo upang mapanatili ang kanilang identidad habang nakikibahagi sa mas malawak na sistemang lingguwistiko (Llamzon, 1975; Rubino, 2005).

### *Klasipikasyon sa mga leksikal varayti ng wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon, at Waray*

Mula sa kabuuang 903 na leksikal na yunit na naitala, nangingibabaw ang Cebuano bilang may pinakamataas na bilang na 481, kasunod ang Surigaonon na may 339, samantalang ang Binul-anon at Waray ay may pinakamababang bilang na 11 at 72, ayon sa pagkakasunod (Constantino, 2019; Valdehuesa, 2021).

Sa mga munisipalidad ng San Jose at Dinagat, makikita ang dominasyon ng wikang Cebuano na may 112 at 101 na yunit, habang ang Surigaonon ay may bahagyang mas mababang bilang na 17 at 28, at halos walang leksikal na yunit ng Binul-anon at Waray (Philippine Linguistic Atlas, 2023). Ipinapakita nito na ang Cebuano ang pangunahing gamit sa dalawang munisipalidad na ito. Samantala, sa Basilisa at Cagdianao, nangingibabaw naman ang Surigaonon na may halos tatlong beses na mas maraming leksikal na yunit kumpara sa Cebuano (97 at 96 para sa Surigaonon kumpara sa 28 at 29 para sa Cebuano) (Gonzales, 2018).

May bahagyang presensya rin ng Binul-anon at Waray sa mga lugar na ito, bagamat mababa. Sa munisipalidad ng Libjo at Tubajon, muling nangingibabaw ang Cebuano (95 at 86), ngunit may makikitang bahagyang pagtaas ng Surigaonon (34 at 40), samantalang ang Binul-anon ay wala o napakababa lamang ang bilang (Santos, 2020). Ang Waray ay wala ring naitalang yunit sa mga munisipalidad na ito. Isang natatanging kaso ang Loreto, kung saan ang Waray ang may pinakamaraming leksikal na yunit na 70, na sinusundan ng Cebuano na may 30, Surigaonon na may 27, at maliit na bilang ng Binul-anon na 2 (Philippine Linguistic Atlas, 2023).

Sa pangkalahatan, makikita ang heterogeneity sa distribusyon ng mga leksikal na varayti sa rehiyon, kung saan ang Cebuano at Surigaonon ang pangunahing ginagamit na wika sa karamihan ng munisipalidad, habang ang Binul-anon at Waray ay may limitadong saklaw. Ang pagkakaiba-iba ng dominanteng wika sa bawat munisipalidad ay nagpapakita ng makulay na lingguwistikong landscape na naimpluwensyahan ng heograpiya, kasaysayan, at panlipunang interaksyon sa rehiyon (Santos, 2020; Gonzales, 2018).

### *Lingguwistikal na katangiang ang makikita sa mga wikang Surigaonon, Cebuano, Binul-anon, at Waray batay sa mga nasuring leksikon*

Ayon sa ginawang pagsusuri, makikitang mayroong mga cognate at hindi cognate na porma ang lumitaw sa mga datos na nakalap. Pinapahiwatig na ang cognate ay dalawa o higit pang mga salita na magkahawig ang porma at kahulugan ng mga ito o maaaring isiping nanggaling sa iisang naunang porma (Crowley 89; Javier, 2012). Kung kaya't sinanisikap ng mga mananaliksik na ilahad at ilarawan ang mga sumusunod na mga suring datos ayon sa mga nakalap sa iba't ibang munisipalidad.

Sa ginawang pananaliksik mayroong 500 na mga leksikal aytems na ginamit sa pag-aaral at lumalabas sa pag-aaral na ito na mayroong 129 na leksikal aytem ang iisang porma para sa lahat ng mga munisipalidad sa Isla ng Dinagat.

Sa pag-aaral ni Temporosa (2022) ang pagpapaikli o clipping ay tumutukoy sa pagbabawas ng mahabang bahagi ng salita upang makabuo ng mas maikling porma nito nang hindi nagbabago ang kahulugan.

Sa ginawang pagsusuri ng cognates at hindi cognates na mga leksikal na salita, mapapansin na may mga pagbabagong nagaganap sa mga leksikon gaya ng paglilipat-diin sa isang salita, pagdaragdag at Pagkakaltas na Ponema, nagkakaiba sa isang patinig at katinig.

## KONGKLUSYON

Mula sa mga datos at resultang nakalap ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Malaki ang leksikal na pagkakatulad ng munisipalidad ng Dinagat at Libjo pati na rin ang munisipalidad ng Basilisa at Cagdianao, habang malaki ang pagkakaiba ng munisipalidad ng Tubajon at Loreto. Ipinapahiwatig nito na bukod sa distansyang heograpikal, may iba pang salik gaya ng migrasyon at kasaysayan na nakaapekto sa pagkakatulad ng wika.

Kahit may pagkakaiba sa anyo ng salita sa Filipino at mga lokal na wika, nananatili ang kahulugan ng mga ito. Ipinapakita nito na ang lingguwistikong pagkakaiba ay hindi hadlang sa pag-unawa, kundi tulay ng komunikasyon.

Ang Cebuano ang dominanteng wika sa San Jose, Dinagat, Libjo, at Tubajon; Surigaonon sa Basilisa at Cagdianao; at Waray sa Loreto. Ipinapakita nito ang pagkakaroon ng dinamikong na distribusyon ng wika batay sa lokal na konteksto.

May malinaw na pagkakaiba-iba at dinamiko sa mga wika sa Dinagat. Ang presensya ng mga cognate at di-cognate na salita ay nagpapakita ng parehong ugnayan at natatanging katangian ng bawat wika.

## TALASANGGUNIAN

Alan, M., Cruz, A., Cua, L., Guardados, JJ., Lobos, D., Ompang, M., & Ongco, M. (2001). *Mindanao Ethnic Communities: Patterns of Growth and Change*. University of the Philippines. Center for Integrative and Development Studies.

Bayang, E. E. (2020). Kogneyts, Konsepto at Istado Ng Wikang Surigawnon sa Lalawigan ng Surigao Del Norte. *International Journal of Applied Science and Research*, 3(2), 147-175. <https://www.ijasr.org/paper/IJASR0042181.pdf>

Bellwood, P. (2005). *First Farmers: The Origins of Agricultural Societies*. Blackwell Publishing.

Bernales, R., Bernardino, E., Belida, M., Cuevas, A., Dela Salde, M., Napil, M., Solatorio, L. (2013). *Wika at Komunikasyon*. Mutya Publishing House, Inc. Potrero, Malabon City.

Brainard, S & Vander Molen, E. (2005). Word Order Inverse Obo Manobo. In Summer Institute of Linguistics. Hsiu-chuan Liao and Carl R. Galvez Rubino, (Eds.), *Current issues in Philippine linguistics and anthropology: Parangal kay Lawrence A. Reid*. Manila: LSP and SIL. pp. 364-418. Retrieved from <http://www-01.sil.org/linguistics/glossaryoflinguisticterms/WhatIsALexicalCategory.htm>

Ciruela, D. M. A., Pedrosa, C. K. E., Reambonanza, A. P., & Laurena, A. E. *Dayalektolohiyang Pagdalumat Ng Wikang Surigaonon-Clavernon Sa Munisipalidad Ng Claver, Surigao Del Norte: Isang Preliminaryong Pagsusuri*.

- Commission on Population and Development (2021). Philippine Migration Report. gov.ph.
- Crystal, D. (2000). *Language Death*. Cambridge University Press.
- De Saussure, F. (1915). *A Course in General Linguistics*. Retrieved from [https://archive.org/stream/courseingenerall00saus/courseingenerall00saus\\_djvu.txt](https://archive.org/stream/courseingenerall00saus/courseingenerall00saus_djvu.txt)
- Dinagat History and Culture. (2016). Retrieved from [dinagatislands.com.ph](http://dinagatislands.com.ph)
- DuBois, C. & DuBois, L. (2006). Phonemic Statements of Tagabawa. *Summer Institute of Linguistics*. Retrieved from <http://www.sil.org/asia/philippines/>
- Eberhard, D. M., Simons, G. F., & Fennig, C. D. (Eds.). (2022). *Ethnologue: Languages of the World (25th ed.)*. SIL International.
- Estillore, J. A. (2012). Surigaonon Language and Its Dialects. *Journal of Philippine Linguistics*.
- Eugenio, D. L. (2013). Language Maintenance and Shift in the Philippines: The Case of Surigaonon. *Philippine Journal of Linguistics*, 44(1), 23-40.
- Evangelista, S. (1996). Migration Patterns in Eastern Visayas and Their Effects on Language Use. *Visayan Studies Review*.
- Fishman, J. (1970). *Sociolinguistics*. Newsbury House Publishing Inc.
- Fishman, J. A. (1991). Reversing Language Shift. *Multilingual Matters*.
- Gonzalez, A. (1998). *The Dynamics of Philippine Languages*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Grenoble, L. A., & Whaley, L. J. (2006). *Saving Languages: An Introduction to Language Revitalization*. Cambridge University Press.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2016). *Atlas Filipinas: Mga Wika sa Filipinas*.
- Llamzon, T. A. (1979). *Bisayan Dialects: Linguistic and Sociolinguistic Studies*. University of the Philippines Press.
- Lobel, J. (2013). *Philippine and North Bornean Languages: Issues in Description, Subgrouping, and Reconstruction*. University of Hawai'i Press.
- Lobel, J. W. (2004). Philippine and North Bornean languages: Issues in Description, Subgrouping, and Reconstruction. *Pacific Linguistics*.
- Lobel, J. W. (2013). *Philippine and North Bornean Languages: Issues in Description, Subgrouping, and Reconstruction*. University of Hawai'i.
- McFarland, C. D. (1983). *A Linguistic Atlas of the Philippines*. Linguistic Society of the Philippines.
- McFarland, C. D. (2004). The Philippine Language Situation. In B. B. World (Ed.), *Current Issues in Language Planning*, 5(1), 45-74.
- Meyerhoff, M. (2011). *Introducing Sociolinguistics*. The Routledge: Oxon, Oxford.
- Moore, D. (2012). Cebuano Migration Patterns and Language Spread in Mindanao. *Philippine Journal of Linguistics*, 43(1), 45-67.
- Nolasco, R. M. (2008). *The Prospects of Multilingual Education and Literacy in the Philippines*. UNESCO Bangkok.

Geographical dimension: Lexical variation of Surigaonon-Dinagatnon, Cebuano, Binul-anon, and Waray languages in Dinagat Island

- Pasion, R. (2014). Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Mandaya ng Davao Oriental. *Asai Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*. Vol. 1, No. 5, November 2014. Retrieved from [www.apjeas.apjmr.com](http://www.apjeas.apjmr.com)
- Pasion, R. (2015). Yang Pagbul'lok-bul'lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, Vol. 3, No. 2,
- Philippine Statistics Authority (2015). Census of Population and Housing. Retrieved from: [psa.gov.ph](http://psa.gov.ph)
- Poplack, S. (1993). Variation Theory and Language Contact. In Preston, D. R. (Eds.), *American Dialect Research*. Philadelphia: John Benjamin B.V. Retrieved from [www.nwav43.illinois.edu/workshop/documents/Poplack-workshop](http://www.nwav43.illinois.edu/workshop/documents/Poplack-workshop)
- Ramos, J. (1986). *Wika, Komunikasyon at Lipunang Filipino*. Komite sa Teksbuk sa Komunikasyon sa Filipino. Departamento ng Filipino at Panitikan ng Filipino. Kolehiyo ng Sining at Panitikan. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman Quezon.
- Ramos, T. (1971). *Tagalog Structure*. University of Hawaii Press.
- Rousseau, J.J. (1950). *The Social Contract and Other Discourse*. New York: Dutton.
- Rubino, C. (2000). *Philippine Languages: A Quick Reference Guide*. Dunwoody Press.
- Rubino, C. R. (2000). *The Languages of Mindanao and the Sulu Archipelago: A Linguistic Map and Survey*. Philippine Linguistics Series, Vol. 42. Linguistic Society of the Philippines.
- Rubrico, J. (2011). Filipino Variety of Davao: A Linguistic Description. Isang binasang papel sa 11th Philippine Linguistics Congress, NISMED University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 7-9 December 2011. Retrieved from <https://mlephil.wordpress.com/2013/.../filipino-variety-of-davao-a-linguistic-descripti...>
- Rubrico, J. G. (1998). The Metamorphosis of Filipino as National Language. *Kritika Kultura*, (1), 5-18.
- Rubrico, J. G. (2000). The Linguistic Ecology of the Visayan Languages. *Philippine Journal of Linguistics*.
- Rubrico, J. G. (2009). "Bisayang Cebuano and the notion of a Filipino language." *Philippine Journal of Linguistics*, 40(1).
- Rubrico, J. G. U. (2009). *An Introduction to Language and Society*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Rubrico, J. G. U. (2009). *The Dynamics of Language Maintenance among the Minorities in the Philippines*. Southeast Asian Linguistics Society.
- Trudgill, P. (1986). *Dialects in Contact*. Oxford: Blackwell.
- UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. (2003). *Language Vitality and Endangerment*.
- UNESCO. (2003). *Language Vitality and Endangerment*. Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages.
- Zorc, R. D. (1977). *The Bisayan Dialects of the Philippines: Subgrouping and Reconstruction*. Pacific Linguistics.